# ANG DIGITAL TV TRANSITION

FCC

Visit DTV.gov




## Ano ang Digital TV (DTV) Transition?

Sa kasalukuyan, maraming mga over-the-air station ang nagpapalabas sa kapwa analog at digital TV (DTV) format. Pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009, ang full-power TV stations ay magpapalabas na lamang sa digital. Ang DTV transition ay makakaapekto lamang sa mga nanonood ng libreng over-the-air television (gamit ang isang antenna sa bubong o kaya "rabbit ears"). Kung nanonood kayo ng over-the-air na mga programa sa isang analog TV, dapat kayo kumilos bago mag-ika-17 ng Pebrero 2009.

## Bakit Lumilipat sa Digital ang mga Broadcast Station?

Iniaatas ng pederal na batas ang pagbabago, upang mailibre ang airwaves para sa komunikasyon ng pulis, sunog, at emergency rescue, upang mapahintulutan ang mga broadcaster na mag-alok ng mga programang mas malinaw at mas maganda ang tunog at mas maraming mapagpipiliang programming, at upang mapahintulutan ang advanced wireless services para sa mga consumer.

## Ano Ang Dapat Kong Gawin Upang Maghanda?

Mayroon kayong tatlong mapagpipilian:

1. **Ikabit ang inyong analog TV sa isang digital-to-analog converter box**. Ang digital-to-analog converter boxes ay mabibili sa mga tindahan at ang isang-beses na gastos para dito ay $40-$70. Bilang tulong sa inyo sa pagbayad para sa boxes, nag-aalok ang gobyerno ng U.S. ng dalawang $40 coupons para sa bawat tahanan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa coupons, bisitahin ang **www.DTV2009.gov**, o tumawag sa 1-888-388-2009 (boses) o 1-877-530-2634 (TTY). At hindi na dapat kailangan ang bagong antenna kung mahusay ang reception na nakukuha ninyo sa analog channels 2-51 gamit ang inyong kasalukuyang. **O kaya**

2. **Bumili ng digital television (TV na may built-in digital tuner)**. Hindi ninyo kailangan ng High Definition TV (HDTV) upang manood ng digital broadcast television. Kailangan lamang ninyo ng digital TV (o analog TV na nakakabit sa digital-to-analog converter box). At hindi na dapat kailangan ang bagong antenna kung mahusay ang reception na nakukuha ninyo sa analog channels 2-51 gamit ang inyong kasalukuyang. **O kaya**

3. **Mag-subscribe sa isang may bayad na TV service**. Kung ang inyong TV ay tumatanggap ng local broadcast stations gamit ang isang paid provider tulad ng cable o satellite TV, handa na ito para sa DTV transition. Ang cable companies ay hindi inaatasang mag-transition o maglipat ng alinman sa kanilang mga channel sa digital. Pero kung may analog TV kayo na hindi nakakakuha ng local broadcast stations gamit ang inyong paid provider, kailangan ninyo ng digital-to-analog converter box upang manood ng digital broadcasts sa TV na iyon.

## Para sa Karagdagang Impormasyon:

**1-888-CALL-FCC (Boses)** | **DTV.gov** | **1-888-TELL-FCC (TTY)**